




CLIMATE CHANGE SA CLARK COUNTY

Sa kabuuan ng Southern Nevada, nararanasan na natin ang mga epekto ng climate change: **matinding init, flash flooding, mga wildfire, at tagtuyot.** Para maprotektahan ang ating kalusugan, ang ating mga komunidad, at ang ating imprastruktura **All-In** sa mga ambisyosong layunin para tugunan ang climate change at lumikha ng mas malakas na komunidad sa proseso. Ngayon, ang County, mga lungsod, at mga regional agency ay nagtutulungan para maitayo ang mapagpanatiling hinaharap na ito para sa ating kasalukuyan at hinaharap na mga residente. Ito ang **All-In Clark County.**

ANO ANG NAGDUDULOT NG CLIMATE CHANGE SA CLARK COUNTY?

Ang mga greenhouse gase na inilalabas natin sa pagsusunog ng fossil fuels (tulad ng natural gas, karbon, at gasolina) para mabigyan ng kuryente ang ating mga tahanan, negosyo, at mga sasakyan



MGA OPORTUNIDAD PARA SA PAGKILOS

Ang pagsusunog ng fossil fuels sa mga gusali ng kuryente at mga sasakyan ay lumilikha ng karamihan sa mga emisyon ng Clark County. Puwede tayong gumawa lahat pagbabago sa pamamagitan ng paglipat sa mga de-kuryenteng sasakyan, pag-upgrade sa ating mga tahanan at gusali para magamit ang enerhiya nang mas mahusay, pag-install ng mga solar panel, pagbabawas ng basura, at marami pang iba.

Pinagmulan: Imbentaryo ng Community Greenhouse Gas, Clark County (2021).

MGA PINAGMUMULAN NG EMISYON SA CLARK COUNTY



48%
MGA GUSALI AT ENERHIYA



37%
TRANSPORTASYON*

*Kabilang ang lahat ng transportasyon pati na rin konstruksiyon at iba pang mga kagamitan




13%
SOLID WASTE



2%
TUBIG AT WASTEWATER

PAGHAHANDA PARA SA EPEKTO NG KLIMA

Sa Clark County, nagsimula na nating maramdaman ang mga epekto ng climate change. Habang nagpapainit ang ating kapaligiran, nararanasan natin ang apat na pangunahing panganib sa klima nang mas matindi at mas madalas: **matinding init, tagtuyot, pagbaha, at mga wildfire**. Ang lahat ng panganib na ito ay may direktang epekto sa lokal na ekonomiya, imprastruktura, at kalusugan at kapakanan ng mga komunidad ng Clark County.



Nagbabanta ang mga epektong ito sa klima sa ating kalusugan, kaligtasan, kasaganaan, at paraan ng pamumuhay dito sa Southern Nevada. Lyon ang dahilan kung bakit ang Clark County ay gumagawa ng malakihang pagkilos ngayon. Magkakasama nating tutugunan ang hamong ito nang taas noo at lilikha ng mas malusog at mas matibay na kinabukasan para sa lahat.

SA TULONG NG MGA BILANG



LABIS NA INIT

30 ARAW SA ISANG TAON higit sa 106°F ang inaasahan pagsapit ng mid-century

#1 pinakamabilis na uminit na lungsod sa bansa ang Las Vegas



PAGBAHA



↑ pagtaas sa matinding mga kaganapan ng pag-ulan at flash flood pagsapit ng mid-century

200% **↑** pagtaas sa flash flood runoff na inaasahan sa Las Vegas metro area pagsapit ng mid-century

TAGTUYOT

100% ng Clark County sa matinding kalagayan ng tagtuyot, simula noong summer ng 2021



Nasa 36% na kapasidad ang Lake Mead, ang pinakamababa sa kasaysayan



MGA WILDFIRE



pagtaas sa mga kaganapan sa usok at mahinang kalidad ng hangin dahil sa mga wildfire sa rehiyon

9.5 MILLION

ekta-ektarya ang nasunog sa Nevada mula 2000-2019, higit sa doble ang nasunog na ektarya mula 1980 -1999

Source: Pagtatasa sa Climate Vulnerability, Clark County (2021).

Ikaw ba ay
ALL-IN?



MAKISALI
SA AMIN
NANG ONLINE



MAKIPAG-USAP
SA PAMILYA AT
MGA KAIBIGAN



IBAHAGI
ANG IYONG



@SustainClarkCounty